IYONG CARD

IYONG CARE

Tratuhin ang iyong Medicaid card sa paraan na tinatrato mo ang iyong Social Security o credit card—**huwag** ipautang o ibenta ito kaninoman. Itago ito sa ligtas na lugar tulad ng sa iyong pera o checkbook—sa hindi nakikita ng lahat.

Huwag ipahiram ang iyong Medicaid card, numero ng Medicaid, o ibang medikal na impormasyon kaninoman na hindi awtorisadong magkaroon nito. Ang impormasyong ito ay dpaat lang ibahagi sa iyong doktor, klinika, ospital, botika, o ibang tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan.

Kung naghihinala ka na may nagtatangkang maling gamitin ang iyong Medicaid card o numero, isumbong ito sa Office of the Medicaid Inspector General. Isama sa ulat kung sino ang kaugnay, kailan ito naganap, anong mali ang naganap at kung may mga saksi sa maling pag-uugali.

Maaari mo ring iulat ang pinaghihinalaang panloloko nang walang pagkakakilanlan. Subalit, ang pagbibigay ng iyong pangalan at ibang impormasyon sa pagkontak ay makakatulong sa mga imbestigador kung kailangan nila ng higit pang impormasyon.

877-87-FRAUD
(877-873-7283)

NEW YORK STATE

Office of the Medicaid Inspector General

www.omig.ny.gov

2/25

NEW YORK STATE | Office of the Medicaid Inspector General

Pagprotekta sa Iyong Medicaid Card at Numero

Protektahan ang sarili mo. Protektahan ang iyong programa.

Pagprotekta sa Iyong Medicaid card at numero.

Ang panloloko sa Medicaid ay hindi krimeng walang biktima. Ang sadyang panloloko o maling pangangatawan sa ibang tao para sa hindi awtorisadong benepisyo ay maaaring makasira sa medikal mong pag-aalaga, maaaksaya ang mga dolyares ng nagbabayad ng buwis, at ito ay labag sa batas.

Ang bagay kung saan partikular kang mahina sa panloloko sa Medicaid ay ang pagbabahagi sa iyong Medicaid card o numero kaninoman maliban sa iyong doktor, klinika, ospital, o ibang tagapaglaan ng Medicaid.

MGA DAHILAN KUNG BAKIT ANG MGA MEDICAID CARD O NUMERO AY MALING BINABAHAGI

- Ang pagtulong sa kaibigan o miyembro ng pamilya na kailangan ng medikal na pag-aalaga pero walang insurance para sa pag-aalaga ng kalusugan.
- Ang pagtitinda o pag-trade ng card o numero para sa pera, mga paninda, o mga hindi-Medicaid na mga serbisyo.
- Ang maling paggamit ng Medicaid card bilang
- personal na pagkakakilanlan.
- Pagsagot sa door-to-door o panteleponong sales people na humihiling ng Medicaid card o numero.
- Pagbibigay ng Medicaid card o numero sa mga estranghero na naghahandog ng mga libreng medikal na test, eksaminasyon, o mga ibang regalo.
- Pagprotekta sa sarili mo mula sa taong
- nagbabanta sa iyo o sa pamilya mo kung hindi mo ibabahagi ang kanilang Medicaid card o numero.

MGA KAHIHINATNAN NG HINDI TAMANG PAGBABAHAGI NG MEDICAID CARD O NUMERO

- Ang personal o medikal na impormasyon ng tao ay maaaring ilagay sa iyong mga medikal na talaan, at maaaringmagdulot ng mga mali kapag kailangan mo ng paggamot.
- Maaaring hindi bayaran ng Medicaid ang pag-aalaga na kailangan mo kung nabayaran na nila ang parehong card para sa ibang tao.
- Maaaring kailanganin mong bayaran pabalik ang pera sa Medicaid.
- Ikaw o ibang taong gumagamit ng card mo ay maaaring mamultahan ng hanggang sampung taon sa kulungan at $500,000 multa sa pagpapahintulot na ang Medicaid card o numero ay maling gamitin.

ANO ANG MAGAGAWA MO?

KUNG NAGHIHINALA KA NA MAY MALING GUMAGAMIT NG IYONG MEDICAID CARD O NUMERO ,

Isumbong ang Panloloko!

Office of the Medicaid Inspector General
Bureau of Medicaid Fraud Allegations
800 North Pearl Street
Albany, NY 12204

Sa telepono:

877-87-FRAUD
877-873-7283

O sa web:

www.omig.ny.gov/medicaid-fraud/file-allegation